# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

## Yunit 2
## Modyul Blg. 9
## Mga Bagong Bayani

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Sa mga naunang modyul, natutuhan mo na mahalaga ang paggawa sapagkat bahagi ito ng misyong kaloob ng Diyos sa tao. Sa pamamagitan ng paggawa, nalilinang ng tao ang kanyang talino at napauunlad ang sarili. Bukod dito, nagagawa niyang maging produktibo at kapaki-pakinabang na kasapi ng pangkat.

Sa modyul na ito, ang panlipunang dimensyon ng paggawa ang iyong matutuklasan. Makikita mo na ang paggawa ay isa ring paraan ng paglilingkod at pagpapakita ng pagmamahal sa bayan. Naipamalas ito nina Jose Rizal, Andres Bonifacio, Gregorio del Pilar at ng iba pang bayani ng ating lahi at ng inyong lokal na kasaysayan.

Umaasa akong pagkatapos mong sumailalim sa iba't ibang gawain sa modyul na ito, malilinang mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

Naipakikita ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng paggawa (L.C 2.8)

A. Naipaliliwanag kung paano naipakikita ng iba't ibang uri ng manggagawa ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng paggawa
B. Nahihinuha ang panlipunang dimensyon ng paggawa
C. Nakikilala ang mga konkretong hakbang kung paano maipakikita bilang isang mag-aaral at mamamayan ang pagmamahal sa bansa

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang -aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Basahing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Ang pagmamahal sa bayan ay tinatawag na:
   a. globalismo.
   b. ideyalismo.
   c. nasyonalismo.
   d. rehiyonalismo.

2. Itinuturing na bayani ang mga taong:
   a. nakapaglingkod ng mahabang panahon sa bayan.
   b. nag-alay ng lakas at talino sa bayan.
   c. tapat na naglilingkod sa pamayanan.
   d. matatapang at laging nakikipaglaban

3. Mahalagang linangin sa mga kabataan ang kahalagahan ng paggawa at paglilingkod sa bayan upang:
   a. maiwasan ang pag-alis ng mga propesyonal patungo sa ibang bansa.
   b. tumaas ang bilang ng mga Pilipinong manggagawa.
   c. maging kapaki-pakinabang silang kasapi ng lipunan.
   d. sila ang maging pinuno ng bansa sa hinaharap.

4. Ang *sanctification of work* ay nangangahulugan na sa pamamagitan ng paggawa:
   a. mapababanal ng tao ang sarili.
   b. higit na mapatatalino ng tao ang sarili.
   c. higit na mapauunlad ng tao ang kanyang mga kasanayan.
   d. higit na mapalalawak ng tao ang ugnayang pangkapwa.

5. Kilala si Mariel na mahusay na guro sa agham. Marami na rin siyang parangal na tinanggap patunay ng kanyang kahusayan. Nag-aplay siya at natanggap bilang guro sa Amerika. Limang taon ang kanyang kontrata subalit maaari pa niya itong palawigin kung magugustuhan niya roon. Nakalulungkot ang mga kasong tulad ng kay Mariel sapagkat:

   a. Kakailanganin niyang makibagay sa kulturang dayuhan.
   b. Magsisimula siya ng panibagong buhay sa ibang bansa.
   c. Mawawalay siya sa kanyang pamilya.
   d. Higit na nakikinabang ang mga dayuhang mag-aaral sa talino ng gurong Pilipino.

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Bukod sa mga OFWs, marami pa ring tinaguriang bagong bayani ang nananatili sa loob ng bansa at patuloy na gumagawa hindi lamang para sa kanilang sarili kundi para rin sa bayan.

Isang magandang halimbawa ay ang *Doctors to the Barrio ng International Rural Reconstruction and Development Project* na pinamunuan ni Senador Juan Flavier. Naglalayon ang proyektong ito na linangin ang pananagutang panlipunan ng mga manggagamot sa pamamagitan ng pagsisilbi sa mga mahihirap sa mga probinsya at malalayong barrio.

Bukod sa mga manggagamot na ito, marami pa tayong mga kababayan na piniling manatili at maglingkod sa sariling bayan kaysa magtrabaho sa ibang bansa. Narito ang ilan sa kanila. Lagyan mo ng angkop na kasagutan ang hinihingi ng bawat kolum.

| Mga Kababayang Naglilingkod sa Bansa | Gawain | Paano naipakikita ang pagmamahal sa bayan |
|---|---|---|
| Guro | Magturo ng kaalaman at mga pagpapahalaga sa mga mag-aaral | 1. Pagtuturo ng mga kaalaman, kasanayan at pagpapahalaga sa mga kabataan.<br>2. Pagmumulat sa mga kabataan ng kahalagahan ng paggalang sa awtoridad at iba pang pagpapahalaga. |
| Magsasaka | | |
| Mangingisda | | |
| Manggagawa sa mga pabrika | | |
| Doctor at medical staff sa mga health center | | |
| Iba pang halimbawa | | |

## Sagutin Mo

1. Bukod sa mga nakalista, anu-ano pang mga gawain ang nakatutulong nang malaki sa ating bayan?
2. Paano nila ipinakikita ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng kanilang gawain?
3. Paano mo maipakikita sa kanila ang iyong pagpapahalaga at pasasalamat?

## Gawain Blg. 2

Basahin ang dalawang artikulo at sagutin ang mga tanong.

### 1. Negosyo at Pananagutan

Kapag binanggit ang pangalang Alfonso Yuchengco, hindi maiiwasang maalala ang *Yuchengco Group of Companies* na kumakatawan sa isa sa pinakamahalagang *conglomerate* sa bansa. Sa edad na 26, sinimulan ni Yuchengco na gamitin ang kanyang talino sa negosyo sa tulong ng kanyang ama. Namuhunan siya ng P250,000.00 at itinatag ang Malayan Insurance. Umunlad ito bilang isa sa pinakamalaking *non-life insurance operation* sa bansa. Itinatag rin niya ang mga sumusunod na kompanya:

Great Pacific Life (Grepalife), House of Investments (1959) at
Rizal Commercial Banking Corporation

Sa mga kompanyang ito, nabigyan ng pagkakataong makapagtrabaho ang maraming Pilipino. Ang iba ay nabigyan ng mataas na posisyon sa kompanya dahil sa kanilang ipinamalas na kahusayan sa trabaho.

Magkakatulad ang pagpapahalagang binibigyang-diin sa lahat ng mga kompanya ni G. Yuchengco. Ang mga ito ay ang pagpapahalaga sa tiwala ng mga kliyente, husay ng mga empleyado at ang pagiging maaasahan ng mga kompanya. Ang makapag-iwan ng isang mabuti at malinis na pangalan ang pinakamahalagang pamanang maiiwan ni G. Yuchengco.

Bawat taon,nag-aambag ng limang bahagdan (5%) mula sa taunang kita ang lahat ng kompanya ni G. Yunchengco. Ang nalilikom na pera ay inilalagay sa Alfonso Yuchengco Foundation na kilala sa tawag na AY Foundation. Nagbibigay sila ng *scholarship* sa mga mahihirap ngunit matalino at karapat-dapat na mga mag-aaral. Libu-libong kabataan na ang nakinabang sa pagbabahagi ng Yuchengco Groups ng kanilang biyaya. Bukod dito, naghahandog din sila ng *hospitalization* at *medical help* sa mga mahihirap.

Pinatunayan ni Alfonso Yuchengco na hindi lamang ang sarili ang makikinabang sa mga pinagpaguran. Maging ang lipunan ay nabibiyayaan dahil sa kanyang pagsisikap na mapaunlad ang kanyang mga kompanya.

## Sagutin Mo

1. Paano nakatulong si Alfonso Yuchengco sa kanyang mga kababayan?
2. Paano niya ipinakita ang pagmamahal niya sa kanyang bansa? Bumanggit ng mga patunay na magbibigay suporta sa iyong sagot.
3. Anong panlipunang dimensyon ng paggawa ang nakita mo sa artikulo? Ipaliwanag.

…………………………………………………………………………………………

Mahihinuha mo ba kung ano ang haribon? Anong dalawang salita ang pinagmulan nito? Basahin ang ikalawang seleksyon sa ibaba at sagutan ang mga tanong.

## Haribon at ang Kapaligiran

Isa sa mga aktibong samahan na nagmamalasakit sa ating kapaligiran ay ang *Haribon Foundation*. Nagmula sa salitang *hari* at *ibon*, nabuo ang salitang *haribon* na tumutukoy sa haring ibon o sa higit nating kilalang tawag na *agila.* Ito ang simbolo at tagapagpaalala sa atin ng kahalagahan ng pangangalaga ng iba't ibang anyo ng buhay sa loob ng teritoryo ng Pilipinas.

Itinatag ang *Haribon Foundation for the Conservation of Natural Resources* upang pangalagaan ang *Philippine Biodiversity.* Ang *biodiversity* sa simpleng kahulugan ay tumutukoy sa iba't ibang hayop at halamang mayroon sa isang tiyak na lugar. Ang *Haribon* ang pangunahing samahang pangkapaligiran sa bansa. Nagsimula ang samahang ito noong 1972 bilang isang *bird watching society* hanggang sa lumawak ang saklaw nito sa pangangalaga ng kalikasan at *wildlife.* Naging *full-fledged conservation foundation* ito noong 1983. Sa kasalukuyan, kinikilala ang samahan sa Pilipinas at sa buong mundo bilang tagapangalaga ng ating kalikasan at kapaligiran.

May apat na pamamaraan ang samahang ito upang pangalagaan ang iba't ibang anyo ng buhay: *Saving Sites, Saving Species, Working with People* at *Advocacy.*

Makikita sa logo ng samahan ang siyam na dahon na nasa isang puno. Simbolo ang mga ito ng siyam na *ecosystem* na matatagpuan sa Pilipinas: kagubatan (*forest),* bakawan (*mangrove), marginal, agricultural, urban, freshwater, sea grass, coral* at *soft bottom.*

Sa kasalukuyan, patuloy ang ginagawang pangangalaga ng samahan sa mga nabanggit na *ecosystem.* Malaki ang naitutulong ng mga pagsisikap ng samahang ito upang pangalagaan ang ating kalikasan.

## Sagutin Mo

1. Paano ipinakikita ng *Haribon Foundation* bilang samahan ang kanilang pagmamahal sa bayan?
2. Ano ang panlipunang dimensiyon ng paggawa ng *Haribon Foundation?*
3. Ano, sa palagay mo, ang maaaring kahihinatnan ng ating kalikasaan kung walang mangangalaga dito?


## Gawain Blg. 3

### Paggawa, Handog Ko sa Bayan

Nag-iisa lamang ang bansang iyong sinilangan. Baka dumating ang araw na lisanin mo ito upang magtrabaho sa ibang bansa. Ngunit darating ang panahon na babalik ka rin. Walang ibang lugar sa buong daigdig ang kahalintulad nito. Paano mo maipakikita ang pagmamahal mo sa bansa?

Mag-isip ka ng mga konkretong hakbang kung paano mo maipakikita ang pagmamahal sa bansa bilang mag-aaral at mamamayan sa pamamagitan ng paggawa.

Isulat mo ang iyong sagot sa loob ng mga pusong inilaan para dito.




Sagutin Mo

1. Nahirapan ka ba sa gawain? Bakit?
2. Paano mo isasabuhay ang mga hakbang na isinulat mo sa loob ng mga puso?
3. Paano mo maiuugnay ang dalawang naunang gawain sa ginawa mo ngayon?

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

Batay sa mga gawaing natapos, ano ang mahalagang konseptong naglinaw sa iyo? Gamitin mong gabay ang mga sumusunod na salita sa loob ng kahon.




Konsepto: ____________________________________________

____________________________________________

## V. Pagpapatibay

**Makabayang Paggawa**

Sa panahong nasa pangkabuhayang krisis ang bansa, mahalagang kumilos upang makamit ang inaasam na pag-unlad. Ito ang pag-unlad na hindi lamang sa iilan kundi para sa lahat. Makakamit lamang ito kung ang bawat isa ay kikilos at magtatrabaho. Walang maliit na gawain. May dignidad ang anumang malinis na gawain.

Si San Jose Maria Escriva, tagapagtatag ng Opus Dei, (*Work of God)* ay nakilala dahil sa kanyang pagtataguyod sa *sanctification of work.* Binigyang-diin niya na ang bawat isa ay maaaring maging banal sa pamamagitan ng mabuting paggawa.

Anuman ang gawaing naiatang sa iyong mga kamay, kung gagawin mo nang buong kahusayan, maiaangat mo hindi lamang ang iyong sarili kundi pati ang iyong bansa.

May tatlong halimbawa ang magbibigay-linaw nito sa iyo. Ang magsasaka ay gumigising nang maaga upang bungkalin ang kanyang bukid, magtanim dito at alagaan ang kanyang mga itinanim hanggang sa araw ng pag-aani. Ginagawa niya ito para sa kanyang sarili at pamilya upang mayroon silang ikabuhay. Kung titingnan mo sa malawakang dimensyon, makikita mo na ang ginagawa ng magsasakang ito ay may malaki at tuwirang epekto sa kabuhayan ng bansa.

Kapag naging maganda ang ani niya at ng iba pang mga magsasaka, dadami ang suplay ng bigas sa ating pamilihan at magiging masagana ang hapag ng bawat pamilyang Pilipino. Kung lalabis pa ng maraming tonelada ang ani, maaari pa tayong magluwas nito sa ibang bansa. Nangangahulugan ito ng karagdagang kita sa bansa. Kung ang magsasaka ay hindi kikilos, magugutom ang maraming Pilipino na umaasa sa bigas bilang pangunahing pagkain.

May mga guro na sa kabila ng atraksyon ng malaking kita sa ibayong dagat, piniling manatili at magturo sa ating bansa. Maliit ang suweldo, labis-labis ang trabaho at kulang sa mga benepisyo, patuloy pa rin silang naglilingkod sa bansa sa pamamagitan ng pagtuturo.

Sa kamay ng mga guro nakasalalay ang uri ng mamamayang magkakaroon tayo sa mga susunod na taon. Ito ay dahil sila ang katuwang ng pamilya sa paghubog ng pagkatao ng Pilipino. Paano nila naipakikita ang kanilang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pagtuturo? Sa loob ng silid-aralan natututuhan ng bata ang ating kasaysayan at ang mahahalagang bagay sa ating mga Pilipino. Ilan ang mga ito sa kaalamang makatutulong upang higit pang pahalagahan ng mga batang henerasyon ang ating kultura at kasaysayan.

Ang mga sundalo, tulad ng mga guro, ay maliit din ang kinikita kung ihahambing sa serbisyong ipinagkakaloob nila sa bansa. Subalit sa kabila nito, handa pa rin nilang itaya ang buhay sa pagtatanggol sa bayan.

Ilan lamang sila sa mga halimbawa ng mga bagong bayani sa kasalukuyang panahon na nagpapatunay na sa pamamagitan ng paggawa, maipamamalas ang pagmamahal sa bayan.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Bilang isang kabataan, anu-ano ang mga bagay na maaari mong gawin upang ipakita ang iyong pagmamahal sa bayan.? Isulat mo ang iyong sagot sa kaukulang espasyo sa loob ng kahon.

Halimbawa:

Bilang isang kabataan, maipakikita ko ang aking pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng:

1. Pag-aaral nang mabuti upang malinang ko ang aking talino at ng pakinabangan ako ng ating bansa kapag ako'y nagtatrabaho na.



## VII. Gaano Ka Natuto?



Basahing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Ang pagmamahal sa bayan ay tinatawag na:
   a. globalismo.
   b. ideyalismo.
   c. nasyonalismo.
   d. rehiyonalismo.

2. Itinuturing na bayani ang mga taong:
   a. nakapaglingkod ng mahabang panahon sa bayan.
   b. nag-alay ng lakas at talino sa bayan.
   c. tapat na naglilingkod sa pamayanan.
   d. matatapang at laging nakikipaglaban

3. Mahalagang linangin sa mga kabataan ang kahalagahan ng paggawa at paglilingkod sa bayan upang:
   a. maiwasan ang pag-alis ng mga propesyonal patungo sa ibang bansa.
   b. tumaas ang bilang ng mga Pilipinong manggagawa.
   c. maging kapaki-pakinabang silang kasapi ng lipunan.
   d. sila ang maging pinuno ng bansa sa hinaharap.

4. Ang *sanctification of work* ay nangangahulugan na sa pamamagitan ng paggawa:
   a. mapababanal ng tao ang sarili.
   b. higit na mapatatalino ng tao ang sarili.
   c. higit na mapauunlad ng tao ang kanyang mga kasanayan.
   d. higit na mapalalawak ng tao ang ugnayang pangkapwa.

5. Kilala si Mariel na mahusay na guro sa agham. Marami na rin siyang parangal na tinanggap patunay ng kanyang kahusayan. Nag-aplay siya at natanggap bilang guro sa Amerika. Limang taon ang kanyang kontrata subalit maaari pa niya itong palawigin kung magugustuhan niya roon. Nakalulungkot ang mga kasong tulad ng kay Mariel sapagkat:

   a. Kakailanganin niyang makibagay sa kulturang dayuhan.
   b. Magsisimula siya ng panibagong buhay sa ibang bansa.
   c. Mawawalay siya sa kanyang pamilya.
   d. Higit na nakikinabang ang mga dayuhang mag-aaral sa talino ng gurong Pilipino.

## Mga Sanggunian

Esteban, Esther J. 1990. *Education in Values. What, Why & for Whom.* Manila: Sinag-Tala Publishers.

Moga, Michael D. 1995. *What Makes Man Truly Human.* Makati: St. Pauls.

## Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. c
2. b
3. c
4. a
5. d

Gaano Ka Natuto?

1. c
2. b
3. c
4. a
5. d